# Pagkatapos ng Dyagnosis ng Cancer sa Atay

American Cancer Society®

Ang cancer sa atay ay isang uri ng cancer na nagsisimula sa atay. Ang atay ay isang malaking organ na matatagpuan ilalim ng iyong kanang tadyang na tumutulong sa iyong katawan na magtunaw ng pagkain. Inaalis din nito ang mga dumi at nakakatulong sa pamumuo ng dugo. Hindi ka maaaring mabuhay nang walang atay. Kung naipaalam sa iyo na mayroon kang cancer sa atay, maaaring nagkaroon ka na ng mga pagsusuri sa dugo, nagpa-scan, at nagpa-biopsy (isang pagsusuri na kumukuha ng ilang tissue upang matingnan kung may cancer). Maaaring naisagawa na ang iba pang mga pagsusuri sa mga selula ng cancer upang masiyasat ang mga partikular na protina at mga pagbabago sa gene na tinatawag na biomarker. Maaari ka ring magkaroon ng iba pang mga procedure upang malaman kung kumalat na ang cancer. Ang mga pagsusuring ito ay nakakatulong sa iyong doktor na malaman kung anong uri ng cancer sa atay ang mayroon ka, kung nasa anong stage na ito, at kung anong paggamot ang makakatulong.

## Paggamot para sa cancer sa atay

Ang iyong paggamot ay magdedepende sa uri at stage ng cancer sa atay. Ang iyong mga opsyon sa paggamot ay magdedepende rin sa mga resulta ng mga pagsusuri sa mga selula ng cancer, sa iyong kalusugan, at sa iyong mga personal na kagustuhan.

Maaaring hindi posible ang surgery depende sa lokasyon ng tumor. Maaaring isagawa ang surgery upang maalis ang tumor at minsan, isang bahagi ng atay na malapit sa tumor. Ito ay tinatawag na partial hepatectomy. Minsan, ang pag-alis sa buong atay at pagsasagawa ng liver transplant ay ang pinakamabuting opsyon. Kausapin ang iyong doktor tungkol sa uri ng surgery na maaaring kailanganin mo at kung ano ang maaari mong asahan.

Ang iba pang paggamot para sa cancer sa atay ay maaaring kabilangan ng tumor ablation, radiation, chemo, targeted therapy, at immunotherapy. Madalas, kailangan ang mahigit sa isang uri ng paggamot. Maaaring gumamit ng ilang paggamot upang makatulong sa pag-iwas o pagpapagaan ng mga sintomas ng cancer sa atay. Minsan, ibinibigay ang mga ito kasama ang iba pang mga paggamot. Tutulungan ka ng iyong doktor na magpasya kung aling paggamot ang pinakamainam para sa iyo.

## Siguraduhing itanong ang:

- Anong uri ng cancer sa atay ang mayroon ako?
- Nasa anong stage ang aking cancer sa atay, at ano ang ibig sabihin noon? Kailangan ko ba ng higit pang mga pagsusuri?
- Anong paggamot sa tingin ninyo ang pinakamahusay para sa akin?
- Ano ang layunin ng paggamot?
- Isasama ba sa paggamot ang surgery? Maaari bang matanggal ang lahat ng tumor?
- Kailangan ko bang maalis ang bahagi o kabuuan ng aking atay? Kung kailangan ko ng transplant, ano ang susunod na hakbang?
- Kakailanganin ko rin ba ang iba pang mga uri ng paggamot?

## Ang aasahan bago at sa panahon ng paggamot

Ipapaliwanag sa iyo ng iyong cancer care team ang iyong plano ng paggamot. Maaaring kasama sa team na ito ang iba't ibang doktor, nurse, at iba pang mga manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan, depende sa uri ng paggamot na kailangan mo. Halimbawa, kung kailangan mo ng surgery, ang mga side effect na maaaring magkaroon ka ay magdedepende sa kung gaano kalaki ang inalis sa iyong atay. Kung kailangan mo ng iba pang mga uri ng paggamot, ipapaliwanag ng iyong cancer care team kung paano ito ibibigay, tutulungan kang paghandaan ito, susubaybayan ang kalagayan mo, at tutulungan ka sa anumang mga side effect. Maaari ka ring kumuha ng mga pagsusuri sa mga partikular na panahon upang makita kung gaano kahusay na gumagana ang paggamot.

Hindi lahat ng dumadaan sa paggamot sa cancer sa atay ay magkakaroon ng mga parehong side effect. Halimbawa, ang isang tao ay maaaring magkaroon ng surgery para maalis ang bahagi ng atay na may tumor o magpa-liver transplant. Ang mga side effect ng mga surgery na ito ay naiiba sa mga side effect ng radiation, chemo, o targeted therapy. At ang mga taong tumatanggap ng parehong paggamot ay maaaring magkaroon ng magkakaibang side effect.

## Siguraduhing itanong ang:

- Anong mga side effect ang maaaring magkaroon ako, at ano ang magagawa ko tungkol dito?
- Paano namin malalaman kung gumagana ang paggamot?
- Gaano kadalas akong gagamutin? Gaano katagal ang aabutin nito?
- Saan ako pupunta para magpagamot? Maaari ba akong magmaneho ng sasakyan nang mag-isa?
- Patuloy ko bang magagawa ang aking mga karaniwang aktibidad, tulad ng trabaho at ehersisyo?
- Kailangan ko bang baguhin ang kinakain ko sa panahon ng paggamot?
- Kung kailangan ko ng liver transplant, ano ang mangyayari pagkatapos kong umuwi? Mayroon bang mga espesyal na gamot na kailangan kong inumin?
- Mayroon bang mga klinikal na pagsubok na maaaring tama para sa akin?

## Ang aasahan pagkatapos ng paggamot

Pagkatapos ng paggamot, hingin sa iyong doktor sa cancer ang buod ng paggamot at plano ng follow-up. Ang tawag dito ay survivorship care plan. Ang iyong doktor sa cancer ay makikipagtulungan sa iyong pamilya o primary care doctor upang makatulong sa pamamahala sa mga side effect mula sa paggamot at matingnan ang iyong kalusugan sa pangkalahatan. Magkakaroon ka ng mga regular na pagsusuri upang matingnan kung gumagana ang iyong atay, kung bumalik ang iyong cancer, o kung nagsimula ang panibagong cancer sa ibang bahagi ng iyong katawan.

Maaaring kaharapin mo ang mga pagbabago sa iyong katawan pagkatapos ng paggamot. Maaaring mabago ng surgery at iba pang mga paggamot ang paggana ng iyong atay. Maaaring maapektuhan nito ang iyong katawan sa ibang mga paraan. Maaaring magkaroon ka ng ilang problema sa panunaw. Kung ikaw ay nagpa-liver transplant, madalas na kailangan ang mga espesyal na gamot upang makatulong sa pag-iwas sa mga impeksyon. Maaari ka ring mangailangan ng gamot upang makatulong sa pagpigil sa iyong katawan na tanggihan ang bagong atay. Siguraduhing itanong sa doktor kung ano ang aasahan, at ipaalam sa kanya kung mayroon kang anumang mga problema.

Ang mga taong nagkaroon ng cancer sa atay ay nanganganib na muling magkaroon o makakuha ng iba pang mga partikular na uri ng cancer. Kahit mabuti ang iyong pakiramdam pagkatapos ng paggamot, mahalagang itanong sa iyong cancer care team ang tungkol sa regular na iskedyul para sa mga follow-up na pagsusuri upang matingnan kung bumalik ang iyong cancer sa atay.

Para sa ibang tao, maaaring hindi ganap na mawala ang cancer. Maaaring patuloy silang magpagamot, at kakailanganin pa rin ang mga pagsusuri upang makita kung gaano kahusay itong gumagana.

## Siguraduhing itanong ang:

- Saan ako maaaring makakuha ng buod ng aking paggamot at plano ng follow-up?
- Gaano kadalas ko kailangang makipagkita sa aking cancer care team?
- Kailan at paano ako dapat makipag-ugnayan sa kanila?
- Mangangailangan ba ako ng mga pagsusuri kung bumalik ang aking cancer, o para matingnan ang mga problema mula sa aking paggamot?
- Mangangailangan ba ako ng mga pagsusuri upang matingnan kung paano gumagana ang aking atay?
- Kailangan ko ba ang anumang mga screening na pagsusuri, tulad ng mammogram o colonoscopy, upang matuklasan ang iba pang mga cancer nang maaga?
- Mayroon bang mga nahuli o pangmatagalang side effect mula sa paggamot na dapat kong bantayan?
- Saan ko mahahanap ang aking mga medikal na rekord pagkatapos ng paggamot?

## Pananatiling malusog

Siguraduhing ipinaaalam sa iyong doktor o cancer care team kung hindi mawala-wala ang anumang mga side effect ng paggamot o kung mayroon kang anumang mga bagong sintomas.

May mga bagay kang magagawa upang mapanatiling malusog ang iyong sarili sa panahon ng at pagkatapos ng paggamot. Ang hindi paninigarilyo at hindi pag-inom ng alkohol ay maaaring makatulong sa pagpapababa ng iyong panganib na lumaki o bumalik ang cancer. Kung mayroon kang hepatitis B o hepatitis C, ang pagpapagamot para sa impeksyon ay maaaring makatulong sa pagbawas ng anumang higit pang pagkasira sa iyong atay. Ang pagkakaroon ng at pananatiling nasa malusog na timbang, pagkain ng masustansya at pagiging aktibo ay makakatulong din sa iyong manatiling malusog at maaaring mapababa ang iyong mga panganib na magkaroon ng iba pang mga cancer. Kung nagpa-liver transplant ka, maaaring kailanganin mong uminom ng mga partikular na gamot na makakatulong sa iyong katawan na mag-adjust dito at tumulong sa pag-iwas sa mga impeksyon. Maaaring kailanganin ang mga ito sa maikli o mahabang panahon.

## Pagharap sa iyong mga nararamdaman

Sa pagkakaroon ng cancer sa atay ay maaaring makaramdam ka ng takot, lungkot, o nerbyos. Normal na magkaroon ng ganitong nararamdaman, at may mga paraan upang matulungan kang harapin ang mga ito.

- Huwag subukang solohin ang iyong nararamdaman. Pag-usapan ito, anuman ang mga ito.
- Okey lang na makaramdam ng kalungkutan o malumbay paminsan-minsan, ngunit ipaalam sa iyong cancer care team kung nakakaramdam ka nito nang mahigit sa ilang araw.
- Kung sinabi ng iyong doktor na okey ito, patuloy na gawin ang mga bagay na ikinasisiya mo tulad ng paggugol ng oras sa labas, panonood ng sine o event na pang-sports, o pagkain sa labas.
- Humingi ng tulong sa mga gawaing tulad ng pagluluto at paglilinis.

Maaaring kailanganin mong makipag-ugnayan sa mga kaibigan, pamilya, o lider o grupo sa relihiyon. Makakatulong din ang counseling. Para sa iba, nakakatulong ang makipag-usap sa iba na nakaranas ng mga parehong bagay. Maibibigay iyon ng isang support group. Ipaalam sa iyong cancer care team ang iyong nararamdaman. Matutulungan ka nilang makahanap ng tamang suporta.

Para sa higit pang impormasyon at suporta, bisitahin ang website ng American Cancer Society sa cancer.org/tagalog o tumawag sa amin sa **1-800-227-2345**. Narito kami kapag kailangan mo kami.

American Cancer Society®

©2025, American Cancer Society, Inc.
No. TAG084011 Rev. 6/25

BBB ACCREDITED CHARITY
bbb.org/charity